



“Ikaw ang Pinaka-nakakaalam sa Iyong Anak” – Isang Aral na Pinaghirapan kong Natutunan

Hindi ko intensyon na maging “yung nanay na iyon.” Yung patuloy na nangungulit. Yung kumukwesyon sa kakayahan ng mga propesyonal. Yung hindi kuntento sa sagot na, “Ayos naman siya.” Pero pagdating sa anak mo, nagiging iba kang tao na hindi mo naisip na magiging ikaw—dahil “kailangan”.

Ipinanganak ang anak kong lalaki sa ika-28 linggo. Maliit, mahina, ngunit palaban na. Ilang buwan kaming nanatili sa NICU¹, mas madalas naming tinitigan ang mga monitor kaysa ang kanyang mga mata. Kaya’t nang sa wakas ay nadala namin siya pauwi, kumapit kami sa bawat ‘milestone’ na para bang isang milagro. At ang mga iyon ay—“kanyang” mga milagro.

Ngunit may kung anong pakiramdam sa akin na parang may hindi tama. Habang lumilipas ang mga buwan, nagsimula akong makapansin ng mga pagkaantala—hindi siya nagbubulalas ng tunog na tulad ng ibang sanggol, hindi siya nakauupo nang walang tulong samantalang ang mga kaedad niya ay gumagapang na, at panandalian lang ang kanyang eye contact. Bawat senyales na nakikita ko ay sinasalubong ng parehong linya: “Ayos na ayos siya para sa isang ipinanganak nang 28 linggo.”

Noong una, tinanggap ko iyon. Siyempre, medyo mahuhuli siya. Paulit-ulit kong sinabi sa sarili ko na maging matiyaga, na huwag magkumpara. Ngunit sa kaloob-looban ko, lumalaki ang pagkabalisa.

Nagsimula akong magtala—mga video, larawan, tala ng oras (timelines). Dinala ko ang mga ito sa aming regular na paediatric appointment. Ipinahayag ko ang aking mga pangamba, mahina noong una, ngunit palakas nang palakas sa paglipas ng panahon.

Mahigit sa isang beses akong binale-wala.

“Makahahabol din siya.”

“Mas mabagal ang mga batang lalaki.”

“Sobra mong itong iniisip.”

“May ilang nanay na gusto lang ng diyagnosis para makakuha ng pondo para sa suporta.”

Ang huling iyon ang pinakamasakit.

Hindi ako naghahanap na mapondohan—ang hinahanap ko ay “mga kasagutan”. Para sa patnubay. Para sa isang taong magsasabi ng, “Oo, nakikita ko ang nakikita mo. Tingnan pa natin ito nang mas malalim.” Ngunit hindi iyon dumating. Hindi kaagad.

Sa huli, umabot ako sa punto ng pagkapagod. Nagsimula akong humanap ng mga second opinion. Ilang oras akong nagbasa ng mga pag-aaral tungkol sa pag-unlad ng bata

hanggang sa halos lumabo ang aking paningin. Hindi dahil hindi ko pinagkakatiwalaan ang mga doktor—kundi dahil pakiramdam ko ay hindi nila “ako” pinagkakatiwalaan.

Sa wakas, matapos ang halos dalawang taong pangungulit at ang kanyang unang epileptic seizure, natanggap namin ang unang diyagnosis: global developmental delay, cerebral palsy, at epilepsy. Hindi nito sinagot ang lahat ng tanong, ngunit nagbigay ito ng isang balangkas. At kasama nito ang pagdating ng maagang interbensyon, mga therapy, at ang uri ng suportang matagal ko nang hinihiling.

Naalala kong umiyak ako sa unang araw kasama ang bagong pedyatrisyan ng anak ko—hindi dahil sa diyagnosis, kundi dahil may isang tao na sa wakas ay “nakakita” sa kanya. Nakakita sa “amin” at sinabi sa akin na ngayon ay maaari na akong maging isang ina at alagaan ang aking anak, at siya na ang mag-uugnay sa mga pangangailangang medikal.

Ngayon, makalipas ang ilang taon, siya ay umuunlad sa sarili niyang maganda at natatanging paraan. Mayroon pa rin siyang mga hamon, ngunit nakamit niya ang progreso na hindi inaasahan ninuman. At sa lahat ng ito, natutunan ko ang isang bagay na higit sa lahat:

“Ikaw ang pinakamay-alam sa iyong anak.”

Noon, tila isa lamang itong walang kabuluhang linya. Ngunit ngayon, hawak ko ito na parang isang kalasag. Walang ibang tao ang gumugugol ng mas maraming oras sa iyong anak. Walang ibang nakakakita ng nakikita mo araw-araw. “Totoo” ang iyong kutob, at “may saysay” ito.

Kung ikaw ay isang magulang na nagbabasa nito na ang pakiramdam ay humihiyaw sa kawalan, hayaan mong ako ang maging alingawngaw nitong pabalik: “Magpatuloy ka.” Magtiwala ka sa sarili mo. Huwag kang matakot magtanong. Huwag kang matakot na mangulit. Hindi ka mahirap kausap—ikaw ay “tapat at nagmamahal”.

At para sa mga propesyonal: makinig sana kayo. Paniwalaan sana ninyo ang mga ina, ama, at tagapag-alaga na lumalapit sa inyo hindi dala ng kadramahan, kundi ng puso. Hindi kami naghahanap ng label o mabutan ng anuman. Sinisikap naming ibigay sa aming mga anak ang pinakamainam na pagkakataon para sa buhay na nararapat sa kanila.

Matagal bago ko muling nabawi ang tiwala sa sarili kong tinig. Sana’y mas maaga ko itong ginawa. Ngunit ngayon, nagsasalita ako—hindi lang para sa anak ko, kundi para sa bawat magulang na naghahanap ng isang taong makikinig.

At para sa iyo, na nagbabasa nito na may bigat sa dibdib at mga tanong sa iyong puso: Hindi mo lang ini-imagine ito.

Hindi ka nag-iisa.

Ikaw ang pinaka-nakakaalam sa iyong anak.

Kumapit ka doon. Mas mahalaga iyon kaysa sa anupaman.

Mula kay Clare, Isang Ina na Tumangging Manahimik